Filipino

SYDNEY WEST AREA HEALTH SERVICE | NSW HEALTH

IMPORMASYON NG PAGKAPRIBADO SA MGA PASYENTE/KLIYENTE

Proteksyon ng inyong personal at pangkalusugang impormasyon

Mga obligasyon namin

Kami ay nakapangakong tatratuhin ang inyong personal na impormasyon sang-ayon sa batas ng pagkapribado.

Ipinapaliwang ng polyetong ito kung paano at bakit kami nangongolekta ng personal na impormasyon tungkol sa inyo, kung paano ninyo ma-a"access" ang inyong impormasyon, kung paano gagamitin ang inyong impormasyon sa loob ng serbisyong pangkalusugan o ipagbibigay-alam sa ibang mga partido.

Pangongolekta ng inyong personal na impormasyon

Direkta kaming nangongolekta ng impormasyon mula sa inyo hangga't maaari. Kung hindi ito magagawa o kaya sa katayuang pangmadalian (emergency), maaari din kaming mangolekta ng impormasyon mula sa miyembro ng pamilya, kaibigan, tagapag-alaga o iba pang taong makakatulong sa amin upang madulutan kayo ng nababagay na pangangalagang pangkalusugan.

Seguridad ng impormasyong nakolekta

Ang impormasyon mo ay maaaring itago sa maraming paraan. Pinakapangkaraniwan na ang inyong impormasyon ay maaaring itago bilang kopyang papel na talaang pangmedikal, at /o kaya isang elektronikong talaang pangmedikal na kabilang na bahagi sa isang nababantayang kompyuterisadong luklukan ng datos(database). Ang ibang impormasyon ay maaari ring itago sa anyo ng isang imahe (image) kabilang ang "x-ray" o litrato, o isang "audio" o naka" tape' na "video". Sumusunod kami sa mga masusing patakaran at polisiya ukol sa maingat na pagtatago ng personal na impormasyon sa lahat na klase ng pagkakaporma (format) upang mapangalagaan ang inyong impormasyon sa hindi awtorisadong pagkakagamit (access), pagkawala o iba pang maling paggamit.

Paggamit o pagbibigay-alam ng impormasyon

Ang inyong personal na impormasyong pangkalusugan ay itatago bilang nasa kopyang papel o elektronikong porma na maaaring gamitin ng serbisyong pangkalusugang ito o ipagbigay-alam ng serbisyong pangkalusugan sa labas para maidulot sa inyo ang nababagay na mga serbisyong pangkalusugan, gaya halimbawa:

- sa iba pang mga serbisyong pangkalusugan, ospital o espesyalistang kasali sa pangangalaga at paggagamot ninyo
- sa inyong hinirang na manggagamot (GP)
- sa Serbisyong Pang-ambulansya ng NSW (Ambulance Service of NSW)
- upang maisagawa ang mga pagsusuri (pathology), “x-rays”, at mga iba pa
- para matawagan kayo sa pagkuha ng balik-puna sa mga serbisyong tinanggap sa amin upang matulungan kaming matasa at mapahusay ang aming mga serbisyo
- para sa pagreresibo at pangonoglekta ng utang
- sa mga tagaserbisyo sa pangangalagang pang-ispiritwal (pastoral care worker), pati na pari sa ospital na nagdudulot ng pangangalagang pang-ispiritwal at pagpapastor sa ibang mga estudyante at kawani gamit para sa mga pagsasanay
- sa iba pang mga serbisyong pangkalusugan at awtorisadong partidong panlabas upang mapigilan ang seryoso at nakaambang panganib sa buhay ng isang tao, pangkalusugan o kapakanan, gaya ng isang pangmadaliang katayuan (emergency)
- sa mga tagapamahala ng paghahabol (claims) at mga taong kasamahan nito para sa pakay ng pag-aasikaso na reklamo, kilos pang-legal, o paghahabol na iniharap laban sa serbisyong pangkalusugan o isang propesyonal sa pangkalusugan
- para sa bagay na may kinalaman sa pagpapatakbo sa Serbisyong Pangkalusugan ng NSW (NSW Health service) at panggagamot ng aming mga pasyente pati na pagpopondo, pagpaplano, pangkaligtasan at mga gawaing pagpapahusay ng kalidad

Kung ayaw ninyong mangolekta kami, gamitin o ipagbigay-alam ang anumang impormasyon tungkol sa inyo, kailangang ipaalam ninyo sa amin at pag-uusapan natin kung ano ang maaaring kalalabasan nito sa inyong pangkalusugang pangangalaga.

Pumapayag o kinailangan ng batas na ipagbigay-alam ang inyong personal na impormasyong pangkalusugan sa iba pang mga partido, gaya halimbawa:

- sa pang-Estado at panggobyernong mga ahensya para sa pakay ng paglalahad, kagaya ng, pag-uulat ng napupunang mga sakit
- sa mga tagasaliksik ng pampublikong interes para sa mga proyektong pananaliksik na aprubado ng Komite sa Pantaong Pananaliksik at Etika (Human Research and Ethics Committee)

- sa iba pang mga serbisyong pangkalusugan o mga ahensyang tagapasunod ng batas, gaya ng Pulisya, kung nagbigay kayo sa amin ng impormasyong may kinalaman sa isang seryosong krimen, pati na pang –a-“assault”, karahasan sa tahanan, pang-aabuso sa bata, at iba pa
- upang tumupad sa isang pagpapatawag(subpoena) o utos ng paghahanap (search warrant) kung ang personal mong impormasyon ay kinakailangan bilang ebidensya sa korte.

Pag-“Access” sa inyong impormasyon

May karapatan kang humiling na ma-“access” ang lahat mong personal na impormasyon pati na ang inyong talaaan sa pangkalusugan na hawak ng Serbisyong Pangkalusugan ng NSW . Karaniwan na ikaw ay pasasabihang idaan sa sulat at magpakita ng mapagkakakilanlan (ID) para maka-”access”. Maaari kang singilin ng bayad kung humiling ka ng mga kopya ng inyong pampersonal na impormasyon o talaang pangmedikal.

Ang pag-“access” sa inyong personal na impormasyon ay maaaring hindi pagbigyan sa mga natatanging mga katayuan, gaya nang kung mabigyan ng “access” ay maaaring maglagay sa inyo o ibang tao sa pampisikal o pangkaisipan na kapahamakan.

Kung sa paniwala ninyo na ang impormasyong hawak namin tungkol sa inyo ay hindi tama o may maling nagawa, mangyaring ipaalam sa amin at itatama namin ito o madadagdag kami ng nota sa inyong talaaang pangmedikal.

Ang mga kahilingan na ma-“access” ang inyong talaang pangmedikal ay dapat na ipadala alinman sa Serbisyo sa Pangkalusugang Impormasyon at Pagtatala (Health Information and Record Service) o sa tagapamahala ng pasilidad sa serbisyong pangkalusugan na inyong pinupuntahan.

Kontakin kami

Kung mayroon kayong katanungan o reklamo tungkol sa pagkapribado ng inyong pangmedikal na impormasyon, mangyaring kontakin:

Ang Matatawagang Opisyal sa Pagkapribado (The Privacy Contact Officer)
Serbisyong Pangkalusugan sa Lugar ng Kanlurang Sydney (Sydney West Area Health Service)
PO Box 63
PENRITH NSW 2751
Telephone: 02 4734 2120

SERBISYONG PANG-INTERPRETER NG PANGKALUSUGANG PANGANGALAGA

May makukuhang libre at kompidensyal na serbisyo ng interpreter 24 oras isang araw, 7 araw ng isang linggo.

Magtanong sa kawani upang makapagsa-ayos ng isang interpreter para sa inyo.

Makakakuha rin ng mga AUSLAN interpreter.